



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-83

“NACDADATIRAY SA KASUNDUAN SA PAGITAN NG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS AT BULACAN STATE UNIVERSITY UPANG GANAP NA MAIPATUPAD ANG LAYUNIN NG KAPASIYAHAN BLG. 2025-148.”

May Akda:

Igg. Martin S.J. Angeles, MMPA

Pangalawang Punong Bayan

SAPAGKA’T, tungkulin ng Sangguniang Bayan na magbalangkas, magrepaso, at magpatibay ng mga patakarang pangmadla at mga hakbanging pambayan na tumutugon sa tunay na pangangailangan ng mga mamamayan, baty sa mga makabuluhan at mapagkakatiwalaang datos at ebidensya;

SAPAGKA’T, sa ilalim ng Kapasiyan Blg. 2025-148, kinilala ng Sangguniang Bayan ng Bustos, Bulacan State University (BULSU) bilang kaagapay sa pagsisiyasat at paglilinang ng mga patakaran pangmadla ng Bayan;

SAPAGKA’T, upang maging ganap at maisabuhay ang layunin ng Kapasiyahan Blg. 2025-148, kinakailangan maisaayos at mailangkap sa mga hakbang ng Sangguniang Bayan ang malinaw na mekanismo ng pakikipag-ugnayan, paghingi at pagtanggap ng pag-aaral, pagpapalitan ng datos, at pagdodokumento ng paggamit ng mga pananaliksik.

KUNG KAYA’T, sa pagtataguyod ni **IGG. KYLE GABRIELLE DR. NAVARRO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan ng Bustos, Bulacan na pagtibaying ang kasunduan o Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Bulacan State University (BULSU) at ng Sangguniang Bayan ng Bustos, Bulacan upang ganap na maisabuhay at mapangyari ang layunin ng Kapasiyahan Blg. 2025-148.

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN


044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos


IPINASIYA PA, na bigyang-kapangyarihan ang Iginagalang Martin SJ. Angeles, MMPA, Pangalawang Punong Bayan at Tagapangulo ng Sangguniang Bayan, na lagdaan at bigyang-bisa ang kasunduan sa ngalan ng Sangguniang Bayan, gayundin ang Kalihim ng Sangguniang Bayan na patotohanan ang nasabing kasunduan.


IPINASIYANG PANGWAKAS, na bigyang-sipi ng kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pangulo ng Bulacan State University para sa kaalaman at mamarapating hakbang

PINAGTIBAY, ngayong ika-30 ng Marso taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni


Aljhaneal E. Quirones
Kasangguni



Leo P. Santos
Kasangguni



Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni



Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-30 ng Marso taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim